# TALAMBUHAY NI



**FRANCISCO BALAGTAS (AKA FRANCISCO BALTAZAR)**

**Abril 2, 1788 – Pebrero 20, 1862**

**"Prinsipe ng mga Manunulang Pilipino"**

**Ipinanganak noong Abril 8, 1788 sa Panginay, Bigaa (ngayon ay Balagtas), Bulacan**







**Francisco Balagtas – The Best Filipino Poet!**

April 2, 2020 / ITPM

Francisco Balagtas is the greatest Filipino poet we have ever had. He is a proud Filipino,...

Tinatawag rin siyang Kiko at Balagtas

# Ang mga magulang niya ay sina :


Juana dela Cruz
(maybahay)



Juan Baltazar
(panday)



Mayroon din siyang tatlong kapatid na sina Felipe, Concha at Nicholasa.



FELIPE





CONCHA



NICOLASA


## NAG-ARAL SIYA



# Parokyal na Paaralan
# Katekismo at Relihiyon

Naging katulong siya ni Donya Trinidad noong 1799 sa Tondo, Maynila.



# Colegio de San Jose

## Gramatika, Latin at Kastila, Fiska, Geografia at Doctrina Cristiana



## Colegio de San Juan de Letran

## Teolohiya, Filosofia at Humanidades








Latin



Humanidades



Espanyol



Batas

# Nagtapos ng pag-aaral noong 1812
# (24 taong gulang)



Padre Mariano Pilapil (Colegio de San Juan de Letran) - inilikha ang "Pasyong Mahal"



# Jose dela Cruz (Huseng Sisiw) -

isang makata mula sa Tondo -magaling na guro ni Kiko

Si Jose de la Cruz… binigyan ng karangalang Hari ng mga Makata sa katagalugan Isinilang siya sa Tundo, Maynila noong Disyembre 20, 1746.

Kinilala siya sa kahusayang sumulat ng mga tula kaya marami ang nagpaturo sa kanya ng pagtutugma ng mga salita

Si Huseng Sisiw… Ikinapit sa kanya ang taguring Huseng Sisiw dahil kung may nagpapagawa sa kanya ng patulang liham ng pag-ibig, ang hinihingi niyang kabayaran ay sisiw. ayon kay Julian Cruz Balmaseda, ang nagturo umano kay Francisco Balagtas kung paano sumulat ng tula.



# Maria Asuncion Rivera

**Selya (Celia) M.A.R. -Nagkita sila sa Pandakan, Maynila (1835)**
**-Siya ang nagsilbing inspirasyon ng makata**

# Mariano "Nanong" Capule

**-Mayaman at malakas sa pamahalaan -Karibal ni Kiko sa pag-iibig kay Selya**
**Naipakulong si Baltazar at naisulat niya ang "Florante at Laura"**




Florante at Laura

-isang awit

-isang obra maestra ng panitikang Pilipino

**Kompletong Titulo:**

**Pinagdaanang Buhay nina Florante at Laura sa Kahariang Albanya: Kinuha sa madlang "cuadro histórico" o pinturang nagsasabi sa mga nangyayari nang unang panahon sa Imperyo ng Gresya, at tinula ng isang matuwain sa bersong Tagalog**

# Juana Tiambeng y Rodriguez

-Isang mayaman na mestisa

-Nagpakasal sila noong Hulyo 22, 1842 na pinamunuan ni Fr. Cayetano Arellano

-Nagkaroon ang dalawa ng 11 anak (5 lalaki, 6 babae)

-7 ang namatay, 4 ang umabot sa katandaan




**"Francisco Balagtas y de la Cruz"**

**Ginamit ang "Balagtas" na apelyido dahil sa kautusan ni Gobernador Heneral Narciso Claveria y Zaldua noong 1849**

- **1856 -Si Balagtas ay naging pangunahing tinyente at tagapagsalin sa korte.**
- **Nabilanggo siya muli dahil naakusahan siyang gumupit ng buhok ng kasambahay na utusan.**
- **Ipinagbili niya ang kanyang lupain at nagbayad ng malaki upang makalaya. (1861)**
- **Namayapa si Francisco Baltazar sa gulang na 74 noong Pebrero 20, 1862**

Isinilang si Francisco Baltazar noong ika 2 ng Abril, 1788 sa nayon ng Panginay (Balagtas) Bigaa, Bulakan. Ang kanyang mga magulang ay sina Juan Baltazar at Juana Dela Cruz. Ang pagmamahalan ng dalawang ito ay nagbunga ng apat na supling, sina Felipe, Concha, Nicolasa, at Kiko.

Nabibilang lamang sa maralitang angkan ang mag – anak na Baltazar. Ang kanyang ama ay isang panday at ang kanyang ina ay isang karaniwang maybahay. Si Kiko ay pumasok sa kumbento ng kanilang kabayanan sa ilalim ng pamamatnubay ng kura – paroko at ditto ay natutuhan niya ang Caton, misterio, kartilya at Catecismo.

Ang pandayan ng kanyang ama ay ginagawang tagpuan ng mga kanayon at dito ay naririnig ni Kiko ang mga usapan at pagtatalo tungkol sa sakit ng lipunang umiiral noon. Malaki ang nagawa nito sa kanyang murang isipan. Palibhasa'y may ambisyon sa buhay, inakalang hindi sapat ang natutuhan sa kanilang bayan kayat umisip ng paraan kung paano siya makaluluwas ng Maynila upang makapagpatuloy ng pag – aaral. Ayon sa kanyang ama mayroon silang malayong kamag – anak na mayaman, na naninirahan sa Tundo at maaari siyang pumasok dito bilang utusan.

Nagustuhan naman ang paglilingkod ni Kiko sa kanyang amo kaya pinayagan siyang makapag – aral. Nagpatala siya sa Colegio de San Jose na noon ay pinamamahalaan ng mga Hesuwitas. Dito'y natutuhan niya ang Gramatika, Latin at Kastila, Fiska, Geografia at Doctrina Cristiana. Noong 1812 ay ipinagpatuloy niya ang kanyang pag – aaral sa Colegio de San Juan de Letran at dito'y natapos niya ang mga karunungang Teolohiya, Filosofia at Humanidades. Naging guro niya si Padre Mariano Pilapil, ang may – akda ng Pasyong Mahal.

Naging tanyag si Kiko sa purok ng Tundo, Maynila sapagkat sumusulat siya ng tula at itinuturing na mahusay na makata. Sa Gagalangin, Tundo ay nakilala niya ang isang dalagang nagngangalang Magdalena Ana Ramos at ito'y napagukulan niya ng paghanga. Noong panahong iyon ay may isang tagaayos ng tula, si Jose dela Cruz na lalong kilala sa tawag na Huseng Sisiw sapagkat kung walang dalang sisiw ay hindi niya inaayos at pinag – uukulan ng pansin ang tulang ipinaaayos ng sinuman. Isang araw ay may dala – dalang tula si Kiko upang ipaayos kay Huseng Sisiw at sa dahilang walang dalang sisiw ay hindi ito inayos ni Jose. Umuwi si Kikong masamang – masama ang loob kayat simula noon ay hindi na siya humingi ng tulong sa makata ng Tundo.

Noong taong 1853, lumipat siya sa Pandacan at doon niya nakilala si Maria Asuncion Rivera. Sa kabila ng mga paalaala at payo ng mga kakilala at kaibigan na magiging mahirap para sa kanya ang pamimintuho sa dalaga sapagkat magiging karibal niya si Mariano Kapule, isang mayaman at makapangyarihan sa pook na iyon, subalit winalang – bahala ang mga paalalang ito, Hindi siya tumugot hanggang hindi nakadaupang – palad si Maria at hindi nga nagtagal at naging magkasintahan ang dalawa.

Palibhasa'y mayaman ginamit ni Nano ang taginting ng salapi upang mapabilanggo si Kiko. Nagtagumpay naman ito. Sa loob ng bilangguan ay nagdadalamhati si Kiko at lalo itong nalubos ng mabalitaan niyang ikinasal na ang pinag – uukulan niya ng wagas na pag – ibig at si Nano. Maraming nagsasabing sa loob ng bilangguan niya isinulat ang walang kamatayang Florante at Laura at buong puso niya itong inihandog kay Selya.

Pagkalabas niya sa bilangguan noong 1838 ay minabuti niyang lumipat sa ibang tirahan upang di na magunita ang alaala ni Selya kaya ang alok na puwesto sa Udyong, Bataan ay buong puso niyang tinanggap. Muling tumibok ang kanyang puso ng makilala niya si Juana Tiambeng, isang anak na mayaman na naging kabiyak niya. Nagkaroon sila ng labing – isang supling, limang lalaki at anim na babae sa loob ng labing – siyam na taong pagsasama nila. Pito ang namatay noong mga bata pa at sa apat na nabuhay isa lamang ang nagmana kay Balagtas.

Dahil sa may mataas na pinag – aralan si Kiko kaya humawak siya ng mataas na tungkulin sa Bataan – naging tagapagsalin, tinyente mayor at huwes mayor de Semantera.

Mainam –inam na sana ang buhay ng mag – anak ngunit nagkaroon na naman ng isang usapan tungkol sa pagkakaputol niya ng buhok sa isang utusan ng isang mayamang si Alfarez Lucas. Sa pagkakataong ito, namayani na naman ang lakas ng salapi laban sa lakas ng katwiran kaya napiit siya sa Bataan at pagkatapos ay inilipat sa piitan ng Maynila. Nang siyay makalaya, bumalik siya sa Udyong at dito nagsulat ng awit, komedya at namatnugot sa pagtatanghal ng dulang Moro – moro na siya niyang ibinuhay sa kanyang pamilya.

Noong ika – 20 ng Pebrero, 1862 si Kiko ay namatay sa Udyong Bataan sa gulang na 74 na taon.